Diploma Programme
Programme du diplôme
Programa del Diploma

# Filipino A: literature – Standard level – Paper 1
# Filipino A : littérature – Niveau moyen – Épreuve 1
# Filipino A: literatura – Nivel medio – Prueba 1

Wednesday 4 May 2016 (afternoon)
Mercredi 4 mai 2016 (après-midi)
Miércoles 4 de mayo de 2016 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

### Instructions to candidates

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a guided literary analysis on one passage only. In your answer you must address both of the guiding questions provided.
- The maximum mark for this examination paper is **[20 marks]**.

### Instructions destinées aux candidats

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Rédigez une analyse littéraire dirigée d’un seul des passages. Les deux questions d’orientation fournies doivent être traitées dans votre réponse.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est de **[20 points]**.

### Instrucciones para los alumnos

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un análisis literario guiado sobre un solo pasaje. Debe abordar las dos preguntas de orientación en su respuesta.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[20 puntos]**.

2216 – 0075



© International Baccalaureate Organization 2016

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

https://xtremepape.rs/

Magsulat ng isang ginabayang pagsusuring pampanitikan sa **isang** sipi lamang. Sa iyong sagot, kailangang tugunan mo ang nakalaang dalawang gabay na tanong.

**1.**

Kasiyahan na ni Mang Igna ang lumubog sa kaniyang silyon habang parang haring itutuntong ang mga paa sa iskrapbuk. Pero siyempre, ito'y ginagawa lang kung tapos na siya sa kaniyang buong araw na trabaho.

Masarap na tuntungan ng paa ang iskrapbuk. Kapag nangangati ang talampakan ng matanda, ikinikiskis niya ito sa magaspang na pabalat ng libro. Para siyang may nakuhang sariling tagakamot ng paa. Madalas pa, gustong salat-salatin ng kaniyang mga bunyon ang makikinis at malalambot na mga pahina. Pag nag-init na nang bahagya ang papel dahil sa kahahagod, ililipat naman niya ng bagong pahina ang libro gamit ang mga daliri sa paa.

May isang bagay ang nagpapaisip kay Mang Igna tungkol dito sa iskrapbuk. Ang may-ari. Sa loob ng pabalat, mababasa ang sulat-kamay ng isang bata: kay Anacleto Simeon Segundo, Ikalawang Baitang. Hindi sa marunong magbasa si Mang Igna. Ang totoo, nagtawag lang ito ng isang estudyanteng babasa para sa kaniya. Doon unang nalaman ng mga taga-*Academy* na hindi marunong bumasa si Mang Igna. Kaya nadagdagan na naman ang mga kapintasan niya. Ulikbang kuba na'y di pa marunong bumasa. Tiyak na di rin marunong magsulat at bumilang. At kung nakakabilang, tiyak na hindi kaya ang hanggang isang daan.

Pero magmula nang malaman ang pangalan ng may-ari ng iskrapbuk, lagi na itong nasa isip ng matanda. Sino ba itong si Anacleto? Malamang na dati rin itong estudyante sa *Academy*. Pero dati na siyang nagtatrabaho rito sa *Academy* at wala siyang nakikilalang Anacleto. Siguro'y sandaling-sandali lang ito nag-aral. Pero bakit pangalan at greyd lang ang naisulat nito sa iskrapbuk? Bakit hindi na nilamanan ng kahit ano? Siguro'y nahiya o napahiya. Ano'ng pumigil dito? Pero mayaman siguro itong Anacletong ito. Mga anak-mayaman lang ang alam niyang may ganito kalaking gamit pang-eskuwelahan.

Sa kaiisip nang kaiisip kay Anacleto, nabuo nang nabuo ang di kilalang bata sa kaniyang ulo. Hanggang sa magkaroon ito ng mukha, ng katawan. Hanggang sa nakakahuntahan na niya tuwing gabing walang ibang tao sa paaralan. Salamat sa iskrapbuk, mayroon na siyang nakakahuntahan.

Nang iutos sa kaniya ni Mrs Sinistrang dalhin sa klase ang iskrapbuk, di mapakali ang kaniyang loob. Gabi-gabing nagmaktol si Anacleto, kung paano nagmamaktol ang isang totoong mayamang bata. Siya nama'y nanghinayang nang husto. Bukod kasi sa tuntungan ng paa, matagal na rin niya itong unan sa ulo. Sa lahat ng mga lumang librong nakatago rito sa bodega, itong iskrapbuk ang pinakamakapal kaya ito rin ang pinakamasarap iunan. Sa bawat gabing kasiping, lagi itong nagdadala ng himbing at masasayang mga panaginip.

Pero dati 'yon. Nu'ng payapa pang kasama ang iskrapbuk. Bukod sa pangalan at baitang ng may-ari, wala ritong nakasulat na kahit ano noon. Tahimik. Pero nang ibalik sa kaniya ni Mrs Sinistra, nakita niyang pinabayaan ito. Kung sino-sino na'ng hinayaang magsulat at maglagay ng kung ano-anong mga krokis dito. Pero ano pa'ng magagawa niya? Isa lamang siyang *custodian*. Mga grapiti lamang sa mga pader ang kaya niyang burahin. Puro grapiti na ang nakalakihan niyang isinusulat ng mga tao, di lang sa pader, kundi maging sa dapat sana'y mga disenteng karatula at aklat. Nagsimula iyon, natandaan ni Mang Igna, nang mismong unang tinangka niyang mag-aral magbasa. Ang sinasabi ng maestrang a e i o u na pagkalinaw-linaw raw, sa kaniya'y nagiging e o a u i. Kung minsan naman ang mga ito'y bumubuo ng kani-kanilang mga pangkat na tila nakahilerang mga sundalo. Sa pagkakataong ito, hindi na sila halo-halo. Ang e ay may sariling hanay na panay e, gano'n din ang iba pang mga letra. At paano siya matututong bumasa kung ang mga e ay ayaw sumama sa ibang mga patinig bukod sa kapwa rin niya e, at gano'n din ang iba pang mga letra?

https://xtremepape.rs/

Nang una naman niyang tangkaing basahin ang buong salitang daga, tanging ang d na lamang ang natira sa pahina. Ang ibang mga letra'y nagpulasan na parang mga dagang nakakita ng pusa.

Kahit ang sariling pangalan ay lumilikha rin ng pagkalito. Madalas pa rin niyang itanong sa sarili kung tinatawag ba siyang Mang Igna dahil siya si Rafael Ignacio o dahil siya si Ignacio Rafael?

Kaya ang hatol ng maestra, hindi siya matututong bumasa. Hindi maintindihan ng maestra ang kaso niya. Lalong hindi rin niya maintindihan. Gula-gulanit na kasi ang kaniyang Balarila dahil sa panggigigil ng nagtuturo. Ang hatol ng mga magulang, huminto na siya sa pag-eeskuwela. Tumulong na lang sa bukid. Doon, walang mga letrang gugulo sa kaniya.

Pero ano'ng ginagawa niya ngayon dito sa paaralan? Simpleng trabaho lang ba ang sadya niya? Baka umaasa pa rin siyang sa huling pagkakataon, puwede pa siyang matuto. At sa tanda na niyang ito…

Allan N Derain, *Iskrapbuk* (2005)

(a) Suriin ang mga kasangkapang pampanitikang ginamit ng manunulat para patingkarin at lalong bigyang kulay ang kung hindi sana'y isang ordinaryong indibidwal tulad ni Mang Igna.

(b) Hanggang saan sasasabi na ang kakulangan ng edukasyon ay di nakakabawas sa kapasidad ng taong lumikha at maging mapang-usisa?



https://xtremepape.rs/

**2.**

**Butiki**

May lupit ang kamusmusan
sa mga butiki ng bahay.
Buhay. Ang mga puso nating
walang batas at bantas[1]
ay naaakit noon sa larong batang
may dahas ng pirata ng pirat[2]
na patatas. Itinatalaga natin
ang sari-sarili bilang mangangaso.
Ang pana ay de-lastiko't
ang busog[3] ay istik ng barbekyu.
Itinuturing na gubat ang buong
lawak ng kisame, ng silong,
ng mga sulok ng kabahayan.
Walang mapagtataguan
ang mga butiking[4] gumagapang
nang malamig bilang laruang
biktima ng ating mga uhaw
na pandama. Itinatanghal natin
silang kumikisay na watawat
ng ating musmos na tagumpay:
nakatindag[5] sa manipis na tagdan.
At pagpatak ng dapithapong
sinusunson na tayo ng sutsot
ng ating mga ina, iniiwan natin
sila sa kalinga ng mga guyam.
Samantalang humahalik ang ilan
sa lupa upang tupdin ang alamat
na sangkot ang pusong walang
batas at bantas, ano kaya kung
pagdulog sa hapunan, ay pritong
butiki ang nakahain sa mesa?
Magagamot kaya ang ating
milyong haka at malaong hika?

Bago tayo mapaduwal ng *tsk tsk tsk*

Mesándel Virtuoso Arguelles, *Menos Kuwarto* (2002)

https://xtremepape.rs/

[1] bantas: pilat
[2] pirat: tapal sa mata
[3] busog: pana
[4] butiki: may paniniwala sa mga katutubong Pilipino na sagrado at nagdadala ng swerte ang butiki, at gayundin na maaari itong magsilbing gamot para sa hika o asthma
[5] nakatindag: nakatuhog

(a) Talakayin ang prase na “mga pusong walang batas at bantas” bilang susing konsepto sa pagpapaunlad ng tema ng tula.

(b) Magkomento sa mga teknik na ginamit ng makata sa pagpapahusay ng mga katangian ng mga bata.

https://xtremepape.rs/